**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

# THE PRESIDENT'S CHATROOM ONE-ON-ONE INTERVIEWS WITH SENATORIAL CANDIDATES MARK VILLAR AND GILBERTO "GIBO" TEODORO JR.
**20 April 2022**

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Mayroon akong kaharap dito na tao na… Alam mo noong — I remember very well 'yung unang pangalan na sumulpot for DPWH, one of the — 'yung pinagpilian ko, isa dito si — itong tao na ito.

Alam mo bata eh so 'yung pagtingin ko sa kanya — worse pinakilala sa akin ganoon, recommended to be DPWH. Actually, magsabi ako ng totoo, noong unang nakita ko, hindi ko… You know, marami akong misgiving, 'yung utak ko malikot eh. Sabi ko, *"Kaya kaya nito?"* I mean, *"Baka spoiled lang ito ng ano, gusto lang rin ng gaya ng ibang mga anak ng pulitiko magpulitiko."* Iyon ang nasa isip ko.

Noong nalaman ko na nag-graduate siya ng Bachelor of Science in Political — Bachelor of Science in Political Science, Philosophy and Economics at the University of Pennsylvania and his master's degree in Business Administration at the University of Chicago Booth School of Business, ang sabi ko okay ito siguro. I mean with the — the credentials are very good pero sabi ko ano kayang bata ito?

So subukan natin tutal kung hindi puwede mang palitan. Kasi maraming hindi masyadong nakakilala sa kanya and for a reason, you were out of the country when you went to school and I suppose that kakaunti lang masyado sa gobyerno, 'yung sa loob.

Ngayon, sabihin ko sa inyo hindi ako nagsisi na talagang dapat maging isang Cabinet member. You know under his six years, he was able to generate sa "Build, Build, Build" almost 6 million jobs at it's not an easy task really to work something para 'yung project man lang rin na you are able to help 6 million of your countrymen.

Siya 'yung sa helping to decongest. But alam mo, sa akin na lang, Mark. Mark Villar, nandito sa harap ko. Alam mo sa totoo lang, hindi na ako kayang magbasa nito kasi gawa lang man ito ng opisina ko. Pero ako, nakita ko 'yung mga daan na as far as your eyes can see lalo na sa Luzon, stretching so many kilometers na diretso-diretso.

Ngayon, in the hindsight, sabi ko na *"marunong ba kaya ito?"* Noong naging six years ka as DPWH, one of the — kayo ni, well, Tugade, in terms of project, standout kayong dalawa because naman kasi 'yung proyekto kagaya ng infrastructure. Maraming… Nag-tandem kayo, Tugade built the skyways, ikaw naman sa baba, and you were able to do it in a manner na hindi mo masabi na just because he is a son of a politician, ganoon, hindi. You have earned the reputation of being yourself as a government worker.

Kasi sabi ko sa taas naghe-helicopter ako palagi, I do not want to mag-by land ako kasi maski na malapit, hindi ako aabot kung sa traffic at magkakaroon ng traffic tuloy kasi lahat ng corners sarado bago makadaan ang presidente. Pangit nga tingnan eh, but then, that is how it is.

So ako I opt to travel helicopter na lang. I arrive on time and I do not impose itong 'yung situation where the people really have to stop their cars because ang presidente nagdaan. I do not like it but 'yun ang ano ko. Ikaw lang 'yung nakapangluwang… *[Anong tawag sa Tagalog 'yan?]* Lumuwang 'yung mga — enough space you — that you have created that somehow improved the life of a Filipino.

Alam mo kasi ganyan 'yan, hindi mo lang alam ang impact ng ginawa mo. Alam mo marami diyan sa ating mga kababayan, 'yang — about 97 percent, 'yan they use the road networks all over, whether as a passenger or driving his own car. Nabigyan mo kaunting alibyo dito.

Pero sa probinsiya, 'yung mga highways na kung saan-saan umabot, maganda na ang buhay nila because the travel time has been cut short by almost half. Maganda talaga ang ginawa mo, Mark Villar ang pangalan mo.

So ako man rin 'yung isa rin. Dapat hindi na ako magtanong nito, pero for the benefit sa ating mga kababayan, bata ka kasi eh. So gusto kong sabihin sa inyo na hindi porke't bata ito na hindi marunong. Kaya pala nag-aral

talaga rin kung saan-saan dahil may utak tapos ano ‘yung nasa utak niya, gagawin niya.

That’s a very hard thing to do. Implementation is something you have to almost you run around because of bureaucratic — ‘yun ang ano sa — ang problema natin eh, pero nagawa mo, daan lang.

So ‘wag na lang ‘yung mga — Villar na lang ang ilagay mo sa boto. Mark, tama lang ba ‘yan? Okay lang?

**SENATORIAL CANDIDATE MARK VILLAR:** Opo, opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Para maalaala ka nila. Kasi minsan ‘yung sabi ko name recall, sinabi ko rin dito kay Gibo na ang Pilipino, hindi nag-ano — may sakit sila, basta pupunta lang sila doon only to forget his choice — his choice candidates, hindi na maalaala, so mag-name recall.

So mabalik ‘yung mga dati na wala namang silbi. Gaya dito ni — hindi ko na pa — I do not want to drag you into… May isang senador diyan na nag-malverse ng pera, hanggang ngayon hindi nakulong-kulong kasi you know, senador, marunong. Iyan ang hindi natin kailangan. Wala namang nagawa. He has done nothing except really to create misery for his country — countrymen.

So tanungin lang kita dito kasi ang prepared is: Ano ang accomplishments mo sa — ng leadership mo? Hindi na kailangan ‘yan, magdaan ka lang diyan, mag-uwi ka kung saan-saan kayo. So ang tanong na lang is what other areas of development, dito lang rin sa… Let’s talk about — ‘yun ang expertise mo, daan. Alam ko ‘yun ang magiging ano mo, highlights mo at saka ‘yung 6 million, Mark, maganda na ‘yun.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ito na lang: One of the major projects is EDSA Decongestion Masterplan. Where are we at ano ang natapos sa term mo and what can the Filipinos expect?

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** I would like you to answer the first question.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Maraming salamat po, sir. At 'yung sinabi niyo po kanina na noong bagong pasok pa lang ako, totoo po 'yun, marami talagang ano…

**PRESIDENT DUTERTE:** Skeptical.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Very skeptical po kaya — kayo lang ang… Naaalala ko pa noong nagsimula lang po ako, kayo talaga ay ipinagtanggol niyo po ako at malaki po ang pasasalamat ko. Kasi at the time, siyempre bago pa lang ako, wala namang — and rightfully so, wala namang masyadong — hindi naman ako masyadong kilala at hindi rin nila alam kung ano 'yung kakayahan ko. But kayo lang po ang nagtiwala sa akin kaya malaki po ang pasasalamat ko sa iyo, sir, Mr. President.

At kaya hindi rin ako nagsasalita masyado dahil alam ko naman kahit anong sabihin ko wala namang maniniwala, importante ipakita ko na lang kung ano 'yung kaya kong gawin. And because of your trust and confidence, we were able to accomplish a lot, sir.

So regarding po sa EDSA decongestion, nakatatak po sa isip ko noong — I remember noong nangangampanya po ako galit na galit po kayo sa EDSA traffic. Naging simbolo ng — siguro naging simbolo ng mismanagement sa ating bansa at talagang kawawa 'yung mga tao. Kaya nakatatak din sa akin nung sinabi niyo po sa akin na kailangan gawin nating mas komportable ang buhay ng ating mga kababayan.

So, what more — what is more challenging than EDSA? Kaya I think that's one of the — isa po 'yan sa malaking accomplishment ng inyong administrasyon, 'yung pag-decongest ng EDSA. Una, nagsimula po sa — 'yung sa Skyway na-connect 'yung NLEX at 'yung SLEX. Noong sinabi niyo po na five minutes na lang 'yung biyahe mula Makati hanggang Quezon City —

**PRESIDENT DUTERTE:** Walang naniniwala.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** — wala talagang naniniwala. Parang pinagtatawanan lang 'yung administrasyon natin. Pero makikita niyo po ngayon hindi lang Makati. Siguro 'pag galing po kayo sa Makati hanggang Quezon Ci — hanggang 'yung dulo na, parang ano na 'yan eh, Bulacan na.

So sa dulo ng Quezon City hanggang Makati, 10 minutes; from — up to Cubao, five minutes. So it's — and dati hindi naman ma-imagine na kaya nating gawin 'yun eh. Hindi… Noong pumasok po tayo, sir, 'yung Skyway wala pang — wala pang five percent 'yung accomplishment. Wala pang malinaw na alignment. And under 'yung original alignment, babagsak siya sa EDSA, hindi nga — hindi siya babagsak sa NLEX, so magkaka-traffic pa rin sa EDSA.

Kaya 'yun ang… And I remember 'yung noong wala pang alignment, kayo po ang nag-intervene para magkaroon ng alignment sa Pasig River. So — and doon naging mabilis 'yung implementation ng project until today na makikita natin ngayon napakalaki ng effect dahil almost 100 — more than — almost 100,000 cars a day nawala sa EDSA. And I think isa 'yan sa mga projects ng deco — EDSA decongestion.

At isa pa po, sir, 'yung bridges across Pasig River, 'yung tatlong bridges. I think that's an unprecedented accomplishment in our country, not one, not two, but three bridges in one administration.

'Yung una po 'yung Kalayaan Bridge, 'yung BGC to Pasig. 'Yung isa naman po 'yung from Makati to Mandaluyong. At 'yung panga — 'yung pinaka-recent po 'yung Binondo-Intramuros. Three bridges to decongest, of course, the city — connecting cities. So connecting Mandaluyong, connecting Makati, connecting Taguig to Pasig; connecting — well, Manila–Intramuros to Binondo. So napaka-iconic.

And para sa akin, in the end 'yung mga highways, lahat ng ginawa natin, binabanggit po natin 'yung nawawala sa P6 billion a day, nawawala dahil sa traffic. But I think more importantly, sir, 'yung binanggit niyo po kanina, 'yung quality of life. 'Yung nakakauwi po ang ating mga kababayan nang

maaga. Kung dati po ‘yung four hours na biyahe baka kalahati na lang. I mean, ‘yung two hours baka one hour na lang. At least, kahit papaano with the help also of Secretary Tugade dahil pati ‘yung tren naayos na rin ‘yung mga tren natin. Hindi na — hindi na…

**PRESIDENT DUTERTE:** Mabibilis.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Opo. Hindi na sira-sira ‘yung mga track, naayos na po ‘yung mga railroad tracks. Nagkaroon din po tayo ng additional — ‘yung mga riles na makaka *[video interruption]* ‘yung biyahe. Siyempre hindi pa naman perfect pero malaki ang improvement.

Like — and I think ‘yun ang… Kaya nung sinabi — on my last day, sir, I said I was very proud to serve in your administration and I think what we see today is really — it makes me proud. I’m proud to serve under your administration, sir. We can say that we really improved the lives of many.

**PRESIDENT DUTERTE:** Iyong — nakuha mo ‘yung improvement, ang kulang lang doon is a lot. Na-improve mo ‘yung — well, of course, this traffic situation included. But the — the building of more roads and repairs and all of these things sa mga bridges, it’s something that is really — you know, if you — it’s something that would impact on the lives of Filipinos.

Bigyan lang kita ng example, Mark, at saka itong mga kababayan natin na mga making both ends meet, struggling, kagaya ng mga sales ano lang. Noong una it would take them about three hours to negotiate, kalapit-lapit ng bahay niya dito sa ano pero going to his home and going to his workplace is always an agony.

Alam mo bakit? Take for example ‘yung average lang, karamihan, ngayong hapon magtatrabaho pa rin. Mga sales girl matatapos sila — the malls closes at about mga nine. Alam mo, ‘yung isang Pilipina — huwag mo — never mind the husband, the sacrifice of a mother who is working dito sa environ ng Maynila, alam mo ‘yan siya lalabas mga alas nwebe, alas diyes, maghintay ‘yan ng sasakyan. Pagsakay ng sasakyan marami pa ‘yang — kakaunti na ‘yang — agawan ‘yan palagi eh. So she has to struggle to take a seat inside a public conveyance, ma-truck man o jeepney.

Uuwi sa kanila ‘yan, maglabas ng mga alas dyes. Pagdating sa bahay 10, 11, 12, iyon ang ano niya. Minsan kung may mga events, it would take her a longer time to reach home. Pagdating niyan magluluto pa ‘yan para sa mga baon ng anak niya kinabukasan. Maglaba pa ‘yan. Tapos pagdala niyan kung ano ‘yung mga kailangan ng mga bata ipaplastar niya. So more or less mag-ano sila, mag — pagkatapos ng trabaho makatulog sila alas kwatro, alas singko, alas sais. Alas siyete, magtindig na ‘yan kasi ‘yung mga bata ihatid niya sa eskuwela, bihisan ‘yung nasa elementary.

Tapos ‘yan. Tapos bago pa siya — magluluto pa siya para may pagkain sa tanghali. So ‘yan ang trabaho niya. Then pupunta doon sa trabaho magtrabaho. Alas nwebe uli, maglabas alas dyes, ganoon. Ang tulog ng isang Pilipina — hindi lang nila alam — ang tulog ng isang Pilipina nag-average sila ng mga four, three hours. Ganoon kalupit ang panahon.

Now ngayon kung hindi natin tutukan ‘yang ano, this will go on and on and on ang sakripisyo nila. Hindi man lang sila makasakay right after, kagaya ng Makati, Quezon City, baka makadating lang sila ng — well, about five minutes.

Ito namang kay Tugade, ‘yung tandem ninyo, doon na — doon tayo naka-alas. ‘Yung tandem mo sa baba pati si Tugade sa train niya. ‘Yung train niya ngayon tumatakbo ng 60 miles — 60 kilometers per hour. Biro mo ang bilis.

Pero ako natatakot rin ako. Sabi ko, siguro mga kwarenta okay na. Sixty miles per hour baka maglabas ‘yan sa riles, pulutin ‘yan doon na sa… Biniro ko siya, *"Is this safe?"* Sabi niya, *"It is."* So ang sabi daw ng mga engineer, okay daw. So naniniwala naman ako.

So ‘yun ang tulong ninyo sa kapwa tao ninyo, ikaw pati si Tugade. You — not... Maybe you have not solved the problem completely but I said — sabi ko, which was my campaign slogan, I will make your life comfortable.

Kung napataas ninyo ‘yung space ng tao sa paggalaw and they can get the rides or they can be home maybe earlier than usual, malaki ng tulong 'yan sa bayan na ginawa ninyo. I'm facing the camera because I am telling them na itong si Mark Villar, hindi lang ninyo alam kung gaano ang tulong rin niya sa inyo.

If there is somebody na nakatulong sa inyong mobility, ‘yung paggalaw ninyo at pagsakay ninyo at pagdating doon sa bahay o kung saan ka pumunta, in a shortest time or at least the system now cuts short ‘yung — because of sa ginawa ninyo. Kayo ‘yung mga top performers eh. Kaya hindi na ako magtanong sa ano pang nakikita ko.

Iyong nag-usap tayo last, ‘yung right of way, pati itong si  — ‘yung kay Tugade na itong mga ayaw magbigay ng right of way ‘yung mga ano. Well, you have the power really to do it kasi ikaw kung sabihin mo umusog ka, eh noon ayaw eh.

Kaya sabi ko, *“kung ayaw umusog, sirain mo.”* Iyon ang utos ko sa inyo maniwala kayo diyan, tutal may right of way ang gobyerno. So nag — maganda ang anong ginawa mo, naglakas loob ka and you proceeded really according to the instructions at nagbunga 'yung "Build, Build, Build." So iyan ang credit mo sa tao. Ngayon, gusto mong mag-senador. Well, you were helping already the people, ang Pilipino dito sa "Build, Build, Build" ninyo.

Matanong ko lang, Mark, maging senador ka man talaga. Manalo ka. Nandiyan ka sa ano eh. Maybe hindi ka mag-top pero puwede kang mag-top rin sa Senate slate. Puwede mo lang akong bigyan ng idea so that you will not appear to be a vague concept sa ating utak. Ano ang — what are your plans? What do you want to accomplish as a senator?

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Salamat po, sir. At isa sa mga dahilan kung pinili ko o ba’t gusto kong tumakbong senador ay para ipagpatuloy po iyong "Build, Build, Build" program dahil nakita ko po na napakalawak ng epekto ng "Build, Build, Build."

Una po, sa pagbibigay ng trabaho. Binanggit niyo po kanina na anim na milyon na trabaho. Kailangan na kailangan po natin 'yan dahil maraming nawalan ng trabaho dahil sa pandemya kaya isa 'yan sa mga effects ng "Build, Build, Build." At marami po tayong mga batas na sa tingin ko kailangan nating amyendahan para lang mapabilis ang implementation ng ating mga projects. Iyong sinabi niyo po iyong right of way.

At isa pa sa mga gusto kong i-push ay ang ‘yung magna carta para sa mga construction workers. Marami pong nagtatrabaho sa construction sector at gusto ko ring gumawa ng mga batas na magbibigay ng karagdagang benepisyo sa ating mga manggagawa.

And of course, hindi lang road infrastructures, pati po 'yung IT infrastructure natin kailangan nating i-push para mapabilis ang Internet connections pati 'yung mga farm-to-market roads. Kaya sa tingin ko po kailangan talaga nating i-institutionalize iyong "Build, Build, Build" program at gamitin po natin 'yung infrastructure para suportahan po iyong mga ibang sektor.

At iyon ang isa sa mga advocacies na... Kung pipiliin po ako ng ating mga kababayan, gusto ko talaga i-push 'yung mga additional benefits and gamitin po 'yung mga natutunan ko as a Cabinet secretary para gumawa ng mga batas na makakatulong at magbibigay po ng at least karagdagang ano benefits and of course to push the "Build, Build, Build" program to even greater heights iyong future administrations.

**PRESIDENT DUTERTE:** You are correct. Ako, actually, iyong maski iyon na lang. Tutukan mo 'yang "Build, Build, Build." Of course, just a component to that and that 'yung sabi mo 'yung mga welfare ng workers.

Iyang dalawa na 'yan because iyong "Build, Build, Build" hindi — wala ka namang makita kung ang mga workers ay magkasakit, walang mga benefits, walang pera, and yet they toil almost 24 hours just to accomplish or to finish projects which kagaya ko na sige ako push na *"Ano ba katagal niyan? Bakit…?"* So kayo naman, sige kayo dikdik nang dikdik doon sa mga trabahante. I know that it is hard for you to do that and always there is that iyong component about the human beings at saka itong "Build, Build, Build" mo.

Kung iyan lang ang maano, that would be a distinct honor for you. Maski 'yan lang because ang kailangan dito is you have to move and we cannot move because we are too crowded. And they are too crowded because the ingress and egress sa lahat ng ano is in bedlam. Kung ‘yan lang man kasi nagawa mo na. Hindi — hindi — hindi... I-follow up mo na lang ito but of course it would need your advocacy because hanggang ano lang kayo legislation.

You pass a certain bill that would require the — a structure to be built or 'yung build your roads, eh nagawa mo naman. I-continue mo lang 'yan for six years, malaking tulong na masyado sa bayan. Buhay na buhay na ang Pilipino diyan.

So nakita kita how you work and I'd like you to know that I really appreciate your expertise and talent sa nangyaring buhay nating ito. I credit it to the — *[how would I?]* — the industry of a person to — worker to work on something and to make it almost perfect. You did it with a very limited amount. Hindi ka naman puwedeng magsabay-sabay, kulang man 'yung pera. At iyong pera na naibigay sa iyo para lang mangyari itong mga road networks natin dapat... Ako magpasalamat na ako. Never mind the others because baka naman sabihin na inaano kita, inuudyok ko lang 'yung mga tao.

Mga kababayan ko, nakita ninyo ang performance ni Mark Villar. Huwag na 'yung anak siya ni ano — anak siya ni Sir Manny o nanay niya. On his own, on his own, gumawa niya sa sariling... Maybe ngayon medyo maliit but you have placed yourself in a very — magandang puwesto ang ano. You have placed yourself... Well, the Senate could be a good platform for that.

So tama ka, nagtrabaho ka naman and para sa akin, ilagay kita number two kasi 'yung number one napangako ko na at saka pareho kayo, iyong imbued with a sense of urgency to really improve the lives of the people.

Wala namang beneficiary niyan except tao. At ang nakuha natin kagaya ng halos kayong mga Cabinet members is that lalabas tayo. Ikaw, you are going to embark on a new adventure this time sa legislation, at ako naman sa trabaho ko. Sabay-sabay tayo palabas.

Ang ano ko lang is the sense of fulfillment that if I'm — I might not have really reached the — even half of the ratings na out of — in a scale of 1 to 10 of what have you accomplished. I would not even say beyond five, six, or seven. Ilagay ko lang five. Pero kung kuntento na kayo sa naipakita ko with the help of these guys, one is Mark Villar. If you appreciate what I did, do not forget the people behind who actually did it for the Filipino people.

Marami kasi maano — Duterte administration, maganda. Huwag ninyo kalimutan si Mark Villar. Without Mark Villar there at the helm of DPWH, I could not imagine how it would be. Pero of course that's a guessing game pero gusto ko lang malaman mo that I appreciate it and the Filipino people are thankful for what you did.

I said you decided to journey to another branch of government... Alam mo, sa totoo, Mark, ganito eh, iyong talent ninyo is really to work actual. Eh kayo magdala. Pero kung senador ka na lang, legislation ka. Ako sa totoo lang, kung ako ang may tiyansa kunwari naman ma-re-elect, hindi ko kayo bitawan lahat. At kung akong — ako 'yung sa kabila, kunin kita. Anyway, it does not really matter if you are a — with the past administration.

I would just — you know, purposely palampasin ko lang because I need the talent of a person. Eh talent nga eh. So siyempre sigurado ang presidenteng magkuha sa iyo, sana kunin ka and if you can really proceed, suportahan ka lang nang husto, another set of "Build, Build, Build," funds, mas marami kang magawa kaysa ma-senador ka. Manghinayang ako sa inyo, kayo, si Tugade. Walang — walang si... Huwag na…

But I was a congressman before together with your father sa 11th Congress. Siya 'yung Speaker namin. Mag — sabagay, sa legislation sa how it is done from the time there is a proposal up to the time when it becomes a law, your father was always magdikdik rin siya sa mga Committee.

Diyan ka, ganoon ang trabaho mo. Pero hindi na talaga actual na ikaw 'yung gagawa. Para sa akin 'yung kayong mga in the likes of you, Tugade and the rest of them, mas mahusay kayo kung kayo ang maggawa kaysa mag-ano ka. But what can I do? There is always a time for everything.

Una, hindi naman natin panahon. I just want — I'm just sharing with the people na gaano ka katiyaga, gaano ka katrabahante sa when you were a secretary sa DPWH. The least that you can do mga kababayan ko is huwag ninyong kalimutan ang pangalan niya, Mark Villar. Huwag na 'yung Mark kasi kung mag-isip ka pa ng ano, basta Villar. Huwag mo nang isipin 'yan kung anong pangalan niya. Villar na lang ilagay niyo sa balota. Number ano ka?

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Sixty-two po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sixty-two?

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Opo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Oh, 62. Sabagay may listahan ako. Sabi ko, itong listahan na ito taguin ninyo, kunin ninyo lang sa ano sa election day kung may tiwala pa kayo sa akin. Kung sa ine-endorse ko kasi ito buong puso talaga na hindi pulitika 'to. Gusto ko lang 'yung mga tao na nandiyan sa gobyerno na makatulong talaga sa atin. Now, kung may tiwala kayo sa akin, eh 'di sundin ninyo ako. Kung sino 'yung tingin ko hindi akin, tingin ko na makatulong uli sa bayan.

Kayo kung wala kayong tiwala sa akin, eh 'di bahala kayo. Basta ako, what I have is only the interest of the people of the Republic of the Philippines. Nothing else. Paalis na ako. Wala man rin akong makuha kung magkampanya ako na — for what? Wala naman akong pinag-ano diyan except that I appreciate people who are really interested or whose heart is really to improve the lives of the Filipinos and make it a little bit comfortable. At least medyo angat na kaunti 'yung ano — ‘yang the way they can travel now faster at saka talagang totohanan na. Wala 'yung mga breakdowns, wala 'yung mga — susmaryosep.

I have done a lot for the Filipino people. I am sure the Filipino people will remember you. Mark Villar — Villar na lang ilagay mo para madali na lang. Diretso, i-shade mo lang 'yan eh, Villar. And ako, I am endorsing Mark Villar 100 percent. Walang kulang 'yan, 100 percent na ito si Mark will do…

Kung mahusay siya na administrator sa trabaho, I am sure that… Eh mautak eh. Ang mga eskuwelahan niyan hindi natin napuntahan. It will be put to good use, Mark. I am sure you would make a good senator.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Thank you, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** I am endorsing you and I hope that you'd make it.

**SENATORIAL CANDIDATE VILLAR:** Thank you. Maraming salamat po, sir.

------

**PRESIDENT DUTERTE:** Good evening.

**SENATORIAL CANDIDATE GILBERTO "GIBO" TEODORO JR.:** Good evening, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Gibo. Gibo na lang tawagan natin. Sa boto, "Gibo" na lang ilagay ninyo, huwag na 'yung iba para hindi ninyo makalimutan. Kung hindi si — tama, Gibo na lang siguro, oo. Puwede ba 'yun malagay natin? Counted ba 'yan sa'yo, Gibo?

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Oo, sir. Yes, sir, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Inilagay mo doon talaga?

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Inilagay ko na, Mr. President, at 'yun po ang lumabas.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sige. Huwag na 'yang Gilberto Teodoro, maano na, Gibo. Iyan lang ang… Ano na ito ha, on na tayo. Gusto kong malaman and my guest sa aking interview, ako 'yung taga-interview dito sa istasyon. Ang ano bang istasyon natin dito? DWWW. *[laughter]*

Iyong itong bisita ko ngayon ini-introduce ko sa inyo he was my lawyer. And alam mo noon sa pulitika, demandahan 'yan lalo na sa… Well, anyway politics sa Davao. Iyan ang dynamics ng political situation natin dito.

May nagdemanda sa akin, of course, it was not true. But you know, you have to answer if you are called upon by the courts or by the investigating agencies of government kagaya sa 'yung Ombudsman. Ang kaso namin, to cut it short, umabot ng Supreme Court. Gibo then was just a new lawyer sa kay Estelito Mendoza na opisina. And I was there because I was referred by Danding Cojuangco kay Estelito. Doon ko nakilala si Gibo.

Ngayon, nanalo kami hanggang Supreme Court. So noon pa bata pa siya at medyo may edad na ako pero I was not — hindi ngayon kagaya ngayon matanda na. I keep track of his 'yung ano niya sa buhay niya at marami itong dinaanan.

Well, of course, he was a presidential candidate but huwag na natin pag-usapan 'yan. Ang ano natin is would he be a good senator? Now ako na ang nagsasabi sa inyo na ito ang talagang puwedeng maging senador at he must, you know, hindi ko lang masabi but tayo ang magkulang kung hindi natin iboto ito si Gibo sa Senado.

Aside from being a lawyer, Bar topnotcher 'to at nag-aya — nag-aral ito ng Master of Laws. Iyan ay kaming mga abugado na hindi talaga namin kaya, so tinitingnan namin 'yung tao, bilib kami. He took the Bar examination sa New York, he passed it also.

So halos Bar topnotcher, pumunta ng Harvard, tapos pumunta ng New York, kumuha ng Bar exam doon. Hindi ka man maka-practice pero 'pag nag pumasa ka ng ano by a sort of an agreement, lawyers, Americans can practice here and mga Pilipino kung qualified at pumasa sa Bar exam niya. So dalawang Bar exams na dinaanan mo. Matanong ko lang sa iyo —

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** — sa experience mo at kung masabi mo sa amin kung what do you propose that 'yung sa legislation na kailangan ng bayan natin? I'm sure dumaan ka ng defense secretary, mahirap kunin 'yang posisyon na 'yan unless you are really qualified and marami kang ano. Kung maging senador ka, anong ma — what would be the expectations of the people?

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Numero uno po, Mr. President, katulad po ng sinabi ninyo noong isang araw, tayo po ay hindi officials ng gobyerno kung hindi government workers. Taking from that po, Mr. President, ayaw ko nang pahirapan pa ang buhay ng mga kababayan natin dahil mahirap na nga.

Ngayon, oftentimes, Mr. President, kung gagawa tayo ng bagong batas, pag-implement nito minsan nagpapahirap kaya ipagpapatuloy na lang po natin ang legislative agenda po ninyo. First is the recovery agenda, Mr. President, we have to support that kasi po tuloy-tuloy na proseso ito not only in health but in infrastructure both physical and digital.

And thirdly po, we cannot have development, Mr. President, kayo na po nagsabi kung wala tayong peace and order, at peace. Kaya po 'yung Barangay Development Program po na inilunsad ninyo na kasama po ang Armed Forces, ang kapulisan, ang Coast Guard, ang Bureau of Fire Protection, at ang barangay officials po who took a stand ha, who took a stand at the risk of their lives against the CPP-NPA-NDF and the returnees who put their trust and faith in you and in government that you symbolize, we have to continue this process and we cannot just put this aside because lives are at stake, Mr. President.

And in that score, Mr. President, the government as you said is open to anyone who wants to come back to the fold of the law and we have to make provisions for their continuing — continued well-being. Iyong kabutihan po nila dapat huwag nating kalimutan.

Pero kung ititigil po natin ito, Mr. President, ipe-peace talk na naman natin sa mga tao naman na iba naman ang pakay sa buhay. Pinagbigyan niyo na nga po, pinagbigyan na ng ilang administrasyon. As a matter of fact po, noong ako po ay secretary of National

Defense, lagi kong tinututulan ang suspension of military operations ‘pag Pasko, ‘pag Easter because peace and order is everyday.

So sa inyo pong kombinasyon ng pagmamahal ng mga kababayan natin pero pagtututol ng manloloko at mag-aapi sa mga kababayan natin whether domestic o foreign, susuportahan po natin lahat itong mga inisyatibo na ito.

Secondly, Mr. President, kailangan pa ng tulong at ayuda ang mga kababayan natin dahil ang buong mundo, Mr. President, magulo pa ang situation economically and politically so we have to continue to care for them. Iyong infrastructure, physical and digital kailangan po, Mr. President, tuloy-tuloy po ‘yan.

Ang benefit po ng ating mga educational system sa mga teachers lalong-lalo na po sana ma-reduce natin ang student-to-teacher ratio kasi alam naman natin, Mr. President — naging ama na rin po ako — eh isang bata lang po hahabulin natin mahirap nang alagaan, eh ano pa kaya kung 50 po ang batang maliliit na babantayan ng isang teacher?

We also have to upgrade our curriculum to meet the optimal standards of the world without imposing additional burdens to our teachers. Kailangan din po ang local government autonomy, ang capacity-building po ng ating mga LGUs tuloy-tuloy po ‘yan based on performance governance standards. Huwag po natin aawatin ang kanilang development pero, of course, they have to be accountable.

And we must continue to shepherd them because the Philippines po, Mr. President, as you have done and you have been a mayor of Davao, you know. You are responsible and answerable to not only your constituents but everyone from whatever place, foreign or local na nagpupunta sa Davao noong araw.

Ganoon po kalaki ang responsibilidad lalong-lalo na po kung archipelago ang ating bansa. So itutuloy po natin ang programa po ninyo ng pagka-capacity- building not only in infrastructure but in governance ng ating mga LGUs.

Siyempre po nandiyan po ang mga programa ninyo sa mga OFWs lalong-lalo na ang hindi po pagde-deploy ng mga workers sa mga bansa na hindi po ginagalang ang ating mga kababayan, suportado po natin ‘yun. At the same time po ang welfare naman po nila and their families who are left behind particularly po, Mr. President, kung batang maliit. In-appoint niyo po ang aking maybahay na special envoy ninyo sa UNICEF. Napakalapit po sa puso niya ang welfare ng kabataan.

Eh ‘pag may OFW po tayo na may batang maliit na naiiwan minsan sa kamag-anak or sa kakilala, eh minsan naaabuso po itong bata. In the same din po kung matandang-matanda na ‘yung magulang, hindi niya kayang alagaan ang sarili nila, iiwan sa caregiver. Malay nung OFW kung napupunta po sa caregiver — ay sa magulang ‘yung tamang inire-remit niya. Kaya all of this po ay based on your principle po that we are workers for the benefit of the people.

And those are just a few, Mr. President, of the efforts and measures. There are other measures na gusto ko pong i-introduce pero palagay ko hindi ho interesado ang ating mga kababayan na makinig doon sa kaunting oras.

**PRESIDENT DUTERTE:** You — alam mo, Gibs, ‘yung nasabi mo na lahat ang dapat kailangan. It’s actually the implementation — ‘yung follow-up, that is the sad experience ng lahat pati ako. It is to see through. You — tama, i-shepherd mo nga, talagang tingnan mo ‘yung programa mo. And well, as a senator, you have always that — the right to call upon anybody dito sa whatever branch of government when you see that something, or you sense that it is not the right thing to do it.

Ang maganda kasi sa iyo marami kang dinaanan na trabaho sa gobyerno. Ano, ‘yung pagka-Defense department secretary. Alam mo kasi totoo ’yan, we will never, never, ever rise above ‘yung ano natin, level of governance, and the, well, economy, automatic ‘yan unless there is law and order.

Iyan nga ang ano natin eh. So you approached me, I would advise you now, sundan mo lang ‘yung ELCAC. What you are saying now is that they are trying… Matagal na itong ginagawa nila and they have succeeded in the sense that marami ang nag-surrender tapos kinuha natin. So we have destroyed so many fronts now. Ang Davao, I think it’s front 52 sa komunista, na-dismantle na, and marami ‘yan.

Tama ka, and this would really — would demand somebody na of like persuasion na naintindihan mo na ‘yun at nasa isip mo ngayon. It’s there, it’s working and it has considerably lowered the insurgency problem for us in many parts of the country.

Lahat na gusto kong katangian, we cannot talk about you the whole day but ang — manghinayang kasi ako na Bar topnotcher, a lawyer, tapos mayroon naman diyan sa mga senador na nandiyan na ilang terms na — I do not want to drag the name kasi in front of you. Alam mo na kung sinong senador na nabu-buwisit ako.

Iyan sila ang dapat matagal na sila, term after term wala namang significant… At least, once in your lifetime there, maski isa — once lang na you come up with a legislation that would be a significant factor dito sa ating bayan.

Now, you have said it all. Ang ano lang nito is the follow-up actually. At I agree with you, kailangan tutukan mo talaga and you have the platform, the Senate, kung manalo ka mas madali sa iyo ma-realize mo na kung matutukan mo lang you will have that satisfaction of saying the legislation that you have wanted to be a law, masundan mo at in the sense that it is really something that is good for the country, so makinabang ang bayan natin.

Alam mo, sa totoo lang, hindi ko lang ma-overemphasize kasi baka sabihin naman nila na ano. Pero sayang na sayang, mga kababayan ko. Nandito si Gibo, kilala ninyo. He's a figure of our political scenario. Mamili lang naman kayo ng senador, kunin na ninyo ang the best. At saka 'yung walang trabaho diyan, because they are known kasi 'yung pumapasok ng name recall, 'pag magsulat kayo kung sino lang maalaala ninyo. Kaya 'yan ang pitfalls natin sa election.

Pati ako nakakalimutan ko na 'yung ibang konsehal kasi sa karami hindi ko na tinatapos minsan. Mga senador, kung ano lang ang marinig ninyo. Ito tandaan ninyo, ilagay ninyo 'yan sa hearing aid ninyo na narinig ninyo, ako talaga I am endorsing 100 percent without any doubt that the country will move a bar higher if we have this kind of guys in the Senate.

Ang isa diyan, si Gibo. Wala kayong masabi. Wala, maski korapsyon wala, the time that he was the Defense secretary. At ito marunong, kailangan natin sa Senado marunong ng — well, at least, international law. Kasali na sa pag-ano niya 'yan, when he was in Harvard. And we are better off with somebody who can answer immediately the question or the issue put there at hand na mayroon tayong bright na tao. So sayang kung hindi masali ninyo si Gibo. Iilan lang 'yang i-endorse ko.

Kaya isinali ko siya sa ticket ko kasi ako mismo experienced maybe his expertise or his talent for law na umabot kami ng Supreme Court at nanalo ako. Though it was na administrative case pero ganunpaman, as it — there's always the result na ito 'yung nangyari sa imbestigasyon and it is always against you especially kung hindi iyo ang administrasyon. Kaya doon ako sumaludo kay…

Matagal ko ng kilala si Gibo. Talagang sumasaludo ako. Mas mahusay sa akin ito sa batas. Limitado lang ako sa 75. Hanggang diyan lang ako, so 'yung napag-aralan ko lang sa law school. Anong…? Gibs, may isang tanong lang ako.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Do you really have the fire? Nandiyan ba talaga sa dibdib mo na magsilbi para sa taong-bayan? Hindi naman sa pag-ano, you're well-off. Hindi ka naman siguro bilyonaryo pero milyonaryo ka. Ang ganda ng track record mo sa edukasyon, umabot ka ng Harvard.

Ako siguro maski gate ng Harvard na lang hindi pa ako napunta doon. Ito nag-aral, naging — pumasa pa sa New York Bar Examinations, which simply means that he can appear in the courts of America. Sa 'yung nakalinya ngayon, wala, wala tayong ganoon. Wala tayong senador ngayon who is really — who can go to America and appear before any court there, sa New York — na pumasa ito pagka-abugado at sa law school. Well of

course, mag-number one ka ba sa Bar kung hindi ka marunong? Sayang ang... Nandiyan na sa kanya lahat except that as — tumatanda na tayo eh.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam ko 'yung gusto mo talagang magsilbi sa bayan. Ako, iboboto kita number one.

Ipakita ko sa lahat na ito ang iboboto ko and I will place your name doon sa first because sa lahat ng bagay, first ka eh. First ka sa edukasyon; first ka sa nagpunta doon sa ibang lugar, Amerika, at you had a good record there, kumuha ka ng Bar.

Ang pinakamahirap na Bar examination sa Amerika ay 'yung New York. Lahat ng mga abugado doon nagpunta. Iniiwasan iyang New York na mag-apply pagka-abugado doon sa Amerika. Ang Bar kasi doon pinakamahirap sabi nila. And to be there to take the Bar exams and being a lawyer now who can appear in the courts of America and who can really expound something which we do not have na — sa ating pagkaalam.

So hindi ko na masyado basahin lahat kasi ito lang ang masabi ko sa iyo. Isang tanong lang ako eh: bakit mo gusto? Gusto lang niya magsilbi sa ating bayan, para sa mga tao. Kaya kaming dalawa, kita mo we avoid the word *"mga opisyal sa gobyerno."*

Ako hindi ko ginagamit 'yan, sabi ko kaming *"trabahante ng gobyerno."* We are workers of government at mabuti alam rin niya na ganoon ang tingin niya sa trabaho niya. Trabahante lang ng gobyerno at we are really working for the government and we are paid to do our best kasi bayad kami. At saka sa panunumpa namin, ang sinasabi talaga doon na in short *"mahalin mo ang bayan mo, take care of the nation."* That is what it means actually when you are a public official tapos ma — you take your oath.

So Gibs, ako, hindi ko naano, maano ako na tao. Hindi naman bastos ‘yang bunganga ko. Tama 'yan, talagang bastos ako lalo na kung asarin mo ako. Alam mo sa totoo lang, 'pag ikaw ang nasa Senado, sigurado ako you will be one of the few lang who can be the sabihin man natin the best — one of the best senators na dumaan dito sa atin.

Kakaunti lang 'yang mga Bar topnotchers na mga bright at mayaman — ah hindi naman mayaman na ‘yung sinasabi nilang filthy rich. Mayaman at talagang gustong magsilbi. Siguro sa katandaan mo na, nagawa mo na lahat except really gusto mong balikan after being a Defense secretary, gusto mong balikan ang trabaho sa gobyerno para makatulong. Alam ko 'yan. I know that it is the fire in your heart kasi matagal tayong nagkakilala.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ako ang number one beneficiary sa utak mo kasi umabot tayo ng Supreme Court. Sabagay, kliyente lang naman ako. But talagang umasa ako sa iyo

noon. Bago pa rin akong mayor at mas bata ka sa akin. Sabi ko nga noon *"Bar top na ito. Bar topnotcher nga ito. Bago nga ito pero kaya kaya nito?"*

And you know, believe me, umabot kami ng Supreme Court, panalo ako dahil sa kanya. Hindi naman sabihin na kailangan ko itutulak kasi may utang na loob ako. Ilagay ko lang sa puwesto. May utang na loob ako. But kung utang na loob lang is not enough really to magsabi ako, mag-declare ako sa inyo na *"botohan ninyo itong tao na ito kay mahusay."* Ibang istorya 'yan. Ito, nadala ang dalawang sitwasyon.

He is a good lawyer, he defended me for the Supreme Court, bata pa siya noon, at naging opisyal in so many positions in government. But eventually he became the Defense secretary.  Hanggang ngayon kung tanungin ko 'yung mga tao, mga sundalo, sumasaludo sila kay Gibo.

So mga kaibigan ko, sabi ko na sa inyo last minute kaming mga — PDP ako but neutral ako, wala akong sinusuportahan. Magbigay kami ng sample ballot all over the Philippines naman 'yan. Iyong lalabas sa PDP, iyon ang kunin ninyo. At kung wala naman talaga kayong kandidatong personal, you just fold the sample ballot, hindi naman mabigat 'yan sa bulsa ninyo. Ilagay mo lang sa bag mo kung babae ka o ilagay mo diyan sa bulsa kung lalaki ka.

At hindi bawal 'yan na may listahan ka o basahin mo. Sabihin mo, *"Itong sample ballot na ito, ito 'yung gusto ko."* Kasi ang mga tao medyo takot na magpalabas ng mga papel baka masita sila. No, hindi 'yan. 'Pag magpalabas ka ng listahan mo, huwag mo lang ipakita sa mga tao mo. Nobody will question you. Sabihin mo, *"Ito 'yung sample ballot, ito 'yung mga pangalan."*

If somebody will ask you, ito 'yung kandidato at makita ninyo 'yan, Gibo. Huwag na 'yang — sabagay, ano naman tayo. Teodoro. Ilang pangalan ba sa — isang pangalan ka lang ba?

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Gibo Teodoro lang, sir, ang lumabas sa ano.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah, okay.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Hindi po lahat, sa awa ng Diyos, Mr. President, dahil lima po 'yan.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah 'yung pangalan mo?

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Tuwang-tuwa po 'yung nanay ko, Mr. President. Hindi ko alam kung bakit eh.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ganoon ang Pilipino, karaming dagdag eh. Kaya pagdating ng akin, *"Santo Rodrigo."* Eh pumunta pa ako ng ano. *"Sino 'tong santo?"* Santo Rodrigo Duterte 'yan kasi...

So Gibo na lang para wala ng ano. Gibo.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Mr. President, number 57 po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Number 57 siya sa ballot.

Pero sundin mo na 'yung ballot namin, iyong ano. Pero pagdating mo doon sa shading, iyong number 57 siya. Pero tignan... Maniwala mo, paglabas ng balota na ibibigay namin, makita mo siya. Kasi totoo 'yan na abugado ako, bilib ako at marunong. Nandiyan na sa kanya lahat at mabait. Walang kalokohan. Isa lang ang asawa. Eh ako dalawa eh.

Pero kung sakali masuwerte ka, magbago talaga ang ano ng Senado.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Thank you, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Totoo 'yan. 'Pag nandiyan ka, magbababago and you can always... Iyang Senado minsan, kagaya ng — iyong magtatanong akala mo mga despots, sisigaw- sigaw pa. Alam ko na you know the... Itong the spirit behind the public office that you are...

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Alam ko na maano mo 'yan, ma-temper mo. So 'pag nanalo ka at iyong ibang kandidato, pati 'yung sa kabila, kung iyong mga mahusay sa kabila maging abugado, we will have maybe a renaissance of a — in the Senate.

Pero kung ito ngayong nandiyan na walang trabaho, mga bugok, tapos itong nagka-malverse ng pera sa gobyerno nandiyan hanggang ngayon hindi — nobody can — nobody would touch him with a ten-foot pole kasi senador, iyan ang mahirap, iyan ang mahirap.

So wala man ng okasyon na magkakaso ka. Tuloy, ma — you can... Ano eh, may ano ka, Gibs, eh you have that gift of iyong magsalita ka, makikinig lahat. *[Mr. Teodoro: Thank you, sir.]* Kasi alam nila ang stature mo eh. Mataas ka talaga. One of the few na ngayon — wala mang Bar topnotcher diyan ngayon na pati ‘yung mga abugado diyan walang... They could not match your knowledge and your expertise.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Thank you, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Botohan ninyo si Gibo — I am facing the camera — kasi makatulong ito sa bayan. Masabi lang niyo senador sila pero 'yung utak nila when it is

'yung translated into letters — words, iyan ang magbibigay ng whatever is needed for the country at marunong mag-isip and they can articulate it in the Senate. At I am sure that magsalita, 'pag ito ang magsalita, makinig lahat.

So iyan ang akin. Huwag na lang 'yung pangalan maano, Gibo na lang. counted na iyan. Gibo, siya na ‘yan. Kung diskumpyado ka baka hindi mabasa — Gibo Teodoro, that is first name niya. Huwag ninyong kalimutan kasi 'yan ang iboto ko. Number one sa balota ninyo. Gibo Teodoro. Kailangan ninyo siya.

Mas kailangan ninyo si Gibo kaysa akin ngayon. Ako paalis na. But you would need human beings na talagang in good faith palagi ang galaw. Ito 'yan siya alam niya previously na ano niya marunong siya mag — sa Bisaya maglatag — to present his — the many times that we were talking about the problems of the country. He knows the problems of the country. Alam niya kasi matagal na rin ito sa gobyerno.

Gibo Teodoro. Gibo na lang, okay na ako. Maligaya na ako sa Gibo. Huwag mong kalimutan. Utos ko 'yan sa naniniwala pa sa akin. Kayong hindi naniniwala sa akin o ayaw maniwala, okay na 'yan. Pero sinasabi ko sa iyo, sayang ‘pag hindi ito na umabot sa Senado. Sayang. Mas marami ang mawala sa atin.

Hindi naman savior, but really he can help the country if he is there in the Senate for the people. Kaya naman gusto niya magsilbi, matanda na siya, abugado, halos magtapos ng — 'yung may edad na rin. Eh kung gusto niya magsilbi ng bayan, ito 'yung — hindi naman siya mayaman, may pera. Eh lahat naman diyan may pera. Paano ka tumakbo ng senador kung wala kang pera?

Pero ako, Gibo Teodoro fan ako. Maniwala kayo. Kayong naniniwala sa akin, iisa lang naman eh — kayong naniniwala sa akin, kung anong sabihin ko, iboto mo kasi 'yan ang tama. Kilala ko sila eh. Kay sige kayo boto diyan sa... Palitan na ninyo 'yan. Huwag naman 'yang mga talagang nagtatrabaho. Pero 'yung iba diyan, nandiyan because of power, because they have something to protect. Alam mo na, negosyo. Ito wala ka niyan. Yumaman lang ito sa pagka-abugado niya, and of course, talagang kilala ko ‘yung parents. Iyong minana niya sa mga magulang niya. Wala itong issue na ano. Good ito. Good.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Thank you, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Gibo Teodoro.

**SENATORIAL CANDIDATE TEODORO:** Thank you, sir. Thank you, Mr. President.

**— END —**